7

# Lingguhang Aralin sa Filipino

Kwarter 4

Aralin
6

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Banghay Aralin sa Filipino 7**
**Kwarter 4: Aralin 6 (para sa Ikaanim na Linggo)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa taong panuruan 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon..

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**

- Abigail I. Mirabel-Agapay (Liliw National High School)
- Leomar G. Mercado (Pagsanjan Integrated National High School)

**Tagasuri:**

- Joel Costa Malabanan (Philippine Normal University)

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute of Teacher Quality
SiMMER National Research Center

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph.

**BANGHAY ARALIN**

**FILIPINO/ KUWARTER 4/ BAITANG 7**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Naipamamalas ng mga mag-aaral ang kasanayang komunikatibo, malikhain, at kritikal na pag-unawa at pagsusuri ng Obra Maestra – Ibong Adarna para sa paghubog ng kaakuhan at pagpapahalagang Pilipino, at pagbuo ng mga teksto sa iba't ibang paraan (*multimodal)* para sa tiyak na layunin, pagpapakahulugan, at target na babasa o awdiyens. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Nakabubuo ng iskrip para sa *shadow play* tungkol sa mahahalagang pangyayari sa Ibong Adarna na maiuugnay sa pagiging Pilipino na isinasaalang-alang ang mga elemento ng biswal at *multimodal* na may paglalapat ng kasanayang komunikatibo at etikal na kasanayan at pananagutan. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | **Mga Kasanayan**<br>**1.** Nakapaghahambing ng mga tekstong hawig sa Ibong Adarna at iba pang koridong nasusulat sa Pilipinas at sa ibang bansa<br>**2.** Naiuugnay ang diaspora ni Don Juan sa paglalakbay rin ng mga OFWs upang hanapan ng lunas ang kahirapan sa bansa,<br>**3.** Natutukoy ang mga elemento sa pagbuo ng borador ng isang iskrip ng shadow play |
| **D. Nilalaman** | Obra: Ibong Adarna<br>Saknong 1007 - 1362 |
| **E. Integrasyon** | Diaspora |

| **II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO** |
|---|
| Magbaleta, C. (2001). Ibong Adarna. JO-ES Publishing House, Inc.<br><br>37 Engaging indoor team building activities & games for work \| Surf Office. (n.d.). *https://www.surfoffice.com/blog/indoor-teambuilding-* |

*activities*

https://glosbe.com/tl/en/borador

https://www.scribd.com/document/629910377/Rubrik-Sa-Paggawa-Ng-Buod

Maxwell Museum Education Department

https://maxwellmuseum.unm.edu/sites/default/files/public/Shadow%20Puppets%20and%20storytelling.pdf

Santiago, Jesus Manuel (2008) "18" mula sa album na Puso at Isip https://www.youtube.com/watch?v=jyY11CDkuXE

| III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO | | MGA TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br>**1. Maikling Balik-aral**<br>**PAALALA'Y ALALAHANIN!** Basahing mabuti ang mga naging paalala ni Donya Maria kay Don Juan. Ibigay ang nawawalang salita sa bawat paalala.<br>____________1. Kung nagising ang kanyang ________ sa ikalim ang hapon ay sisinuhin si Don Juan.<br>____________2. Kapag tinanong si Don Juan kung ano ang kanyang pakay ay isasagot na ________________ sa kanyang kampon.<br>____________3. Sakaling anyayahan siyang pumanhik sa palasyo ang isagot ay ______________ sa kanyang magandang kalooban.<br>____________4. Upang maniwala ang hari na marangal ang kanyang nasa sabihing siya'y nakahanda sa anumang ____________.<br>____________5. Huwag mag-alala sapagkat kung ano man ang iutos ng hari, si ____________________ ang tutupad. | Ang mga nakitang halimbawang gawain ay maaaring maging gabay o pagpipilian para lubos na maunawaan ang mga paksa na may kinalaman sa nakaraang talakayan. Maaari ring magdagdag ang guro batay sa kung ano pa ang gusto niyang bigyang-pansin sa nakaraang talakayan.<br><br>**Sagot*:***<br>1. ama<br>2. maglingkod<br>3. salamat<br>4. ipag-uutos<br>5. Donya Maria |

<table>
<tr>
<td>B. Paglalahad ng Layunin</td>
<td>
1. Panghihikayat na Gawain<br>
TORE NI SALERMO<br>
● Hatiin ang mga mag-aaral sa limang pangkat.<br>
● Bigyan ng sampung piraso ng bond paper ang bawat pangkat.<br>
● Atasan silang bumuo ng isang tore gamit lamang ang mga papel.<br>
● Ang may pinakamataas na tore na magagawa sa loob lamang ng limang minuto ang tatanghaling panalo.<br>
Mga gabay na tanong:<br>
1. Ano ang naramdaman mo nang ibigay sa inyo ang tila imposibleng gawain?<br>
2. Paano kayo nakabuo ng tore?<br>
3. Sa iyong palagay, magiging madali kaya ang mga pagsubok na ibibigay ni Haring Salermo kay Don Juan? Bakit?<br>
<br>
2. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin<br>
I-UGNAY MO. Paghambingin ang mga tekstong hawig sa Ibong Adarna at iba pang koridong nasusulat sa Pilipinas at sa ibang bansa<br>
<br>
(Tingnan ang diagram sa pahina pahina 1 ng Sagutang Papel)<br>
<br>
3. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin<br>
KAHULUGAN, IYONG TURAN! Hanapin ang kahulugan ng bawat salita sa unang kolum mula sa pangalawang kolum.<br>
<table>
<tr><th>SALITA</th><th>KAHULUGAN</th></tr>
<tr>
<td>1. trigo<br>2. prasko<br>3. pita<br>4. muog<br>5. katad</td>
<td>A. balat<br>B. bote o sisidlan na may makitid na bibig<br>C. isang pagkain o halamang butil na kagaya ng palay na kadalasang pagkaing pang-agahan<br>D. matibay na tanggulang bato o pader<br>E. matinding pagnanais</td>
</tr>
</table>
</td>
<td>
Malaki ang ambag ng gawaing ito upang makuha ang atensiyon ng mga mag- aaral. Bigyan ng angkop na gamtimpala ang magwawaging pangkat.<br>
<br>
Sa bahaging ito, mahalagang maipahayag ang kahalagahan kung bakit dapat pag-aralan ang mga kasanayang pang-akademik.<br>
<br>
Ang gawaing ito ay puwedeng gawing pangkatan o isahan upang ang lahat ng mga mag-aaral ay magkaroon ng partisipasyon sa loob ng klase. Maaari ring baguhin ng guro ang paraan ng paglalahad ng gawain.<br>
Siguraduhing ipagamit sa pangungusap sa mga mag-aaral ang mga salitang binigyan ng kahulugan.<br>
<br>
Susi sa pagwawasto:<br>
1. C<br>
2. B<br>
3. E<br>
4. D<br>
5. A<br>
<br>
Mainam na humanap ng Korido na maiuugnay sa Ibong Adarna.
</td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **IKALAWANG ARAW**<br>**Kaugnay na Paksa 1: Nilalaman ng Saknong 1007 - 1362**<br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br>**KUWENTUHAN TAYO!**<br>Muling ikuwento ang mga mahahalagang pangyayari ayon sa binasang bahagi ng korido (saknong 1007-1362) sa pamamagitan ng pagsusunod-sunod sa mga pangyayari. Iguhit sa bilang ang simbulong matatagpuan sa kaliwa ng kahon.<br>*(Tingnan sa ika-IV ng pahina 3-4 ng Sagutang Papel)*<br><br>**2. Pagpapalalim**<br><br>Pakinggan ang kantang "18" ni Jess Santiago sa https://www.youtube.com/watch?v=jyY11CDkuXE . Paano maiuugnay ang mensahe ng awit sa damdamin ni Haring Salermo para kay Maria Blanca? Makatwiran ba ang ginawa niyang pagpigil sa pagmamahalan nina Maria Blanca at Don Juan? Bakit?<br><br>**3. Pinatnubayang Pagsasanay**<br><br>Ang **diaspora** ay ang pagkalat o paglisan ng isang grupo ng mga tao mula sa kanilang pinagmulan o lupang sinilangan, kadalasang dulot ng iba't ibang mga dahilan tulad ng digmaan, kahirapan, o politikal na sitwasyon. Ito ay maaaring isang pang-ekonomiyang migrasyon, tulad ng mga manggagawang kontraktwal na nagtatrabaho sa ibang bansa upang maghanap ng mas magandang oportunidad, o isang pang-kultura o etnolinggwistikong migrasyon, tulad ng mga grupo ng tao na nagsipamahagi sa iba't ibang panig ng mundo at nagsama-sama sa isang lugar. Ang diaspora ay maaaring magdulot ng malalim na epekto sa mga kultura, lipunan, at ekonomiya ng mga lugar kung saan sila naninirahan o pinanggalingan.<br><br>**KONEKDATOS.** Iugnay ang diaspora ni Don Juan sa paglalakabay rin ng mga OFWs upang hanapan ng lunas ang kahirapan sa bansa, Magbigay ng magkatulad na pangyayari gamit ang talaan.<br>*(Tingnan sa ika-V ng pahina 4 ng Sagutang Papel)*<br><br>**IKATLONG ARAW**<br>**Pinatnubayang Pagsasanay** | Siguraduhing nabasa ng mga mag-aaral ang orihinal na teksto kung mayroong pagkakataon. Maaaring ipabasa sa bahay ang saknong 1007-1362.<br><br>Susi sa Pagwawasto:<br>1. <br>2. <br>3. <br>4. <br>5. <br>6. <br>7. <br>8.  |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
Ang "borador" ay isang salitang Tagalog na nangangahulugang "draft" sa Ingles. Ito ay isang unang bersyon o unang kopya ng isang gawa o proyekto na ginagamit upang maipakita ang konsepto o ideya bago ito tuluyang mai-finalize o maging ang huling bersyon. Karaniwang ginagamit ang borador sa pagsusulat ng mga kuwento, tesis, pagsusuri, o anumang iba pang uri ng dokumento kung saan mahalaga ang proseso ng pagsasaayos at pagbabago bago ang pagtatapos ng final na bersyon.
Elemento sa pagbuo ng borador ng isang iskrip ng shadow play<br>Pamagat:<br>Isulat ang pamagat ng iyong shadow play. Ito ay dapat maiklingunit makahulugan at makapagbigay ng ideya sa manonood tungkol sa pangunahing tema o kuwento ng iyong palabas.
I. Panimula:<br>Ilahad ang pangunahing balangkas ng kuwento. Ito ay maaaring maglaman ng pagpapakilala sa mga pangunahing karakter, ang kanilang sitwasyon, at ang pangunahing suliranin o hamon na kanilang haharapin.
II. Pagsasalaysay ng Kuwento:<br>Maglagay ng mga eksena o yugto ng kuwento, kabilang ang mga pangyayari at mga dialogo ng mga karakter.<br>Tiyaking malinaw ang pagkakasunod-sunod ng mga eksena upang madaling maunawaan ng manonood.
III. Pagpapalabas ng Pangunahing Suliranin:<br>Ipakita kung paano nilulutas ng mga karakter ang mga suliranin o hamon na kanilang haharapin.<br>Magbigay ng kapani-paniwala at nakakaantig na resolusyon sa dulo ng kuwento.
IV. Pagwawakas:<br>Maglaan ng maikling pagwawakas na nagpapahiwatig ng paglutas sa suliranin o pagbabago sa mga karakter.<br>Ipinapakita rin dito ang pangkalahatang aral o mensahe na nais iparating sa mga manonood.
V. Konsiderasyon sa Visuals:
</td>
<td></td>
</tr>
</table>

| | | |
|---|---|---|
| | Isulat ang mga paglalarawan ng mga eksena at mga karakter na makakatulong sa mga tagagawa ng anino o mga elemento sa stage design.<br>Tiyaking ang mga visual na aspeto ay maayos na nabuo at magbibigay-buhay sa iyong kuwento.<br><br>**VI. Mga Tagubilin sa Musika at Ilaw:**<br>Magbigay ng mga tagubilin sa musika at ilaw na nagpapahiwatig sa tamang damdamin at atmospera ng bawat eksena.<br>Ibigay ang mga pang-indikasyon kung kailan at paano gagamitin ang musika at ilaw upang palakasin ang naratibo ng kuwento.<br><br>**VII. Pagtatapos:**<br>Magbigay ng maikling pahayag ng pasasalamat sa mga manonood.<br>Maaari rin itong maging pagkakataon upang ipaalala sa kanila ang mga susunod na palabas o mga patungkol sa produksyon.<br><br>**2. Paglalapat at Pag-uugnay**<br><br>**PAGBUO NG BORADOR**<br>Hatiin ang buong klase sa apat na grupo upang maghanda para sa pagtatanghal ng isang *shadow play* patungkol sa napiling bahagi ng Ibong Adarna.<br>Bumuo ng iskrip gamit ang elemento sa pagbuo ng borador ng isang iskrip ng shadow play. | Bigyan ng sapat na oras ang mga mag-aaral na makabuo ng borador bilang paghahanda sa presentasyon sa panapos na gawain. |
| **D. Paglalahat** | **IKAAPAT NA ARAW**<br>**1. Pabaong Pagkatuto**<br>**KAYA KO.** Isulat sa loob ng mga puso ang mga gawain upang maipakita ang pagmamahal sa magulang, kaibigan at guro.<br>*(Tingnan sa pahina 5 ng Sagutang Papel)*<br><br>**2. Pagninilay sa Pagkatuto**<br>**PICK-UP LINE.** Bumuo ng *pick-up line* o hugot kaugnay sa kaya mong gawin sa ngalan ng pagmamahal.<br><br>RUBRIKS | Maaaring gawing isahan po pangkatan ang paglalahat. Bantayan ang mga konsepto na nagdudulot pa ng kalituhan sa mga mag-aaral. |

| | Natatangi | Nakakabilib | Katanggap- |
|---|---|---|---|

| | | | |
|---|---|---|---|
| | 5 puntos | 4 na puntos | tanggap<br>3 puntos |
| Orihinalidad | Napakahusay na paggamit ng mga bagong ideya at orihinalidad. | Napakakaunti lang na mga ideya ang hiniram ngunit may magandang paggamit ng mga bagong ideya at orihinalidad | Ang mga ideya ay hiniram ngunit binago ng kaunti |
| Kasiningan | Napakaraming pag-iisip at pagsisikap ang ginamit | Malikhain at maganda ang naisip na ideya | Malikhain at may ilang pag-iisip na inilagay |
| Nilalaman | May pinakamagandang pagpili ng mga salita. Nagpapahayag ng pinakamalakas na mensahe | May mabuting pagpili ng mga salita. Nagpapahayag ng malakas na mensahe | May pagtatangka sa ilang pagpili ng mga salita. Nagpapahayag ng kaunting mensahe |

Upang mas maging makabuluhan Ang pagninilay ng mag-aaral, ang gawaing ito ay pang-isahan.

| **IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|

**A. Pagtataya**

**1. Pagsusulit**

Panuto: Igawa ng balangkas ang mga binasang pangyayari sa saknong 1007 – 1362. Pagkatapos, gawan ito ng buod.

| **RUBRIK SA PAGGAWA NG BUOD** | | **15** | **10** | **5** |
|---|---|---|---|---|
| **NILALAMAN** | Tiyak na naisulat ang mahahalagang detalye, tulad ng tauhan, lugar, suliranin, at iba pa | | | |
| **PAGKAKASUNOD-SUNOD NG MGA IDEYA** | Nailalahad nang malinaw ang mga pangunahing ideya at mahahalagang detalye | | | |
| **ORIHINALIDAD** | Nakagagamit ng mga sariling salita sa pagpapahayag na hindi nahihiwalay na mensahe ng | | | |

Maaaring hikayatin ng mga guro ang mga mag-aaral na magkaroon ng quiz notebook upang masubaybayan ang kanilang pang-akademikong pag unlad. Ang quiz notebook ay maaari ding magsilbing *homework notebook*.

Ang gawaing ito ay tutuhog sa kabuoang paksang natalakay. Tiyaking magabayan ang mga mag-aaral sa pagbuo nito. Malaya ring baguhin ng guro

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
<table>
<tr><td></td><td>teksto</td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>KAWASTUHAN</td><td>Organisado at malinis ang pagkakasulat</td><td></td><td></td><td></td></tr>
<tr><td colspan="2">KABUOANG PUNTOS</td><td colspan="3"></td></tr>
</table>
2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin<br>
Basahin ang mga saknong 1363 hanggang 1716. Itala ang mga mahahalagang pangyayari.
</td>
<td>ang rubriks na nakalagay.</td>
</tr>
<tr>
<td>B. Pagbuo ng Anotasyon</td>
<td>
<table>
<tr><th>Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi.</th><th>Epektibong Pamamaraan</th><th>Problemang Naranasan at Iba pang Usapin</th></tr>
<tr><td>Estratehiya</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Kagamitan</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>Pakikilahok ng mga Mag-aaral</td><td></td><td></td></tr>
<tr><td>At iba pa</td><td></td><td></td></tr>
</table>
</td>
<td></td>
</tr>
<tr>
<td>C. Pagninilay</td>
<td>
Gabay sa Pagninilay:<br>
▪ <u>Prinsipyo sa pagtuturo</u><br>
Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?<br>
Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?<br>
▪ <u>Mag-aaral</u><br>
Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?<br>
Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?<br>
▪ <u>Pagtanaw sa Inaasahan</u><br>
Ano ang aking nagawang kakaiba?<br>
Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?
</td>
<td></td>
</tr>
</table>